**BAHAGI NG KATITIKAN NG IKA-36 PANGKARANIWANG PULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NOONG ABRIL 21, 2020, 1:35 PM, SA BULWAGANG KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY, RIZAL**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Michell B. Bermundo | - | Pang. Punong Bayan / Tagapamatnugot |
| Kgg. Ma. Jeca B. Villanueva | - | Konsehal |
| Kgg. Patrick John P. Alcantara | - | " |
| Kgg. Joanne Marie P. Calderon | - | " |
| Kgg. Ceferino R. Resurreccion Jr. | - | " |
| Kgg. Kyle Georic Y. Gacula | - | " |
| Kgg. Ma. Elaine T. Leonardo | - | " |
| Kgg. Philip Jeison J. Cruz | - | " |
| Kgg. Frank Luster L. Santos | - | Pangulo ng Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Jannah Roa D.P. Dazo | - | Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan |

**DI-DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Sophia Priscilla L. Cabral | - | Konsehal |

---

Nagpanukala: Kon. Patrick John P. Alcantara

Kapwa Nagpanukala:
Pang. Punong Bayan Michell B. Bermundo
Kon. Sophia Priscilla L. Cabral
Kon. Ma. Jeca B. Villanueva
Kon. Joanne Marie P. Calderon
Kon. Ceferino R. Resurreccion Jr.
Kon. Kyle Georic Y. Gacula
Kon. Ma. Elaine T. Leonardo
Kon. Philip Jeison J. Cruz
Pangulo ng LnB Frank Luster L. Santos
Pangulo ng Ped. Ng SK Jannah Roa D.P. Dazo

---

**<u>KAPSYAHAN BILANG 191 serye ng 2020</u>**

**PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI MS. ROSALIA "SALLY" CEQUEÑA REYES AT PAGKILALA BILANG HUWARANG KAWANI NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG RIZAL**

SAPAGKAT, si Ms. Rosalie "Sally" Cequeña Reyes ay sumakabilang-buhay noong Abril 1, 2020;

SAPAGKAT, siya ay naglingkod bilang Executive Assistant V ng Pamahalaang Panlalawigan ng Rizal ng humugit-kumulang dalawampu't walong taon, August 1, 1992 hanggang sa siya ay pumanaw;

SAPAGKAT, sa maraming pagkakataon ay nasaksihan sa kanya ang kanyang pagiging matulungin at maawain lalo na sa mga taong lumalapit sa kanya;

SAPAGKAT, siya ay nakilala hindi lamang sa bayang kanyang pinagmulan kundi maging sa buong Lalawigan ng Rizal at sa kanyang pagpanaw ay kanyang naulila hindi lamang ang kanyang mga mahal sa buhay, kundi maging ang kanyang kapwa kawani, mga kaibigan na nagmamahal sa kanya;

SAPAGKAT, ang kanyang pagpanaw ay maituturing na isang malaking kawalan sa buong lalawigan na kanyang pinaglilingkuran.

LUBUSAN PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagkakapasiya, ANG PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI MS. ROSALIA "SALLY" CEQUEÑA REYES AT PAGKILALA BILANG HUWARANG KAWANI NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG RIZAL.

PINAGPASYAHAN PA, na ang buong Sangguniang Bayan at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Taytay sa pangunguna ng Punong Bayan Kgg. George Ricardo R. Gacula II ang pag-aalay ng panalangin na nawa't makarating sa sinapupunan ng Dakilang Lumikha ang kanyang kaluluwa at duon ay magkamit ng buhay na walang hanggan.

PINAGPASYAHAN PANG MULI, na ipadala ng sipi ng kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayon ika-21 ng Abril, 2020 5:39 PM dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan na nilalaman ng kapasyahang ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-35 Pangkaraniwang Pulong nang ika-21 ng Abril taong 2020 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**SONIA C. SAMSON**
Kalihim ng Sangguniang Bayan
Officer-in-Charge

PINATOTOHAN BILANGPINAGTIBAY
NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. MICHELLE B. BERMUNDO**
Pangalawang Punong Bayan / Tagapamatnugot

**KGG. SOPHIA PRISCILLA L. CABRAL**
Konsehal

**KGG. MA. JECA B. VILLANUEVA**
Konsehal

**KGG. PATRICK JOHN P. ALCANTARA**
Konsehal

**KGG. JOANNE MARIE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. CEFERINO R. RESURRECCION JR.**
Konsehal

**KGG. KYLE GEORIC Y. GACULA**
Konsehal

**KGG. MA. ELAINE T. LEONARDO**
Konsehal

**KGG. PHILIP JEISON J. CRUZ**
Konsehal

**KGG. FRANK LUSTER L. SANTOS**
Pangulo ng Liga ng mga Barangay

**KGG. JANNAH ROA D.P. DAZO**
Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan